SUISUN/SOLANO WATER AUTHORITY (SSWA)
ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG UKOL SA IMINUNGKAHING MGA RATE NG TUBIG PARA SA 2024-2027

Nagtakda ang Suisun/Solano Water Authority (SSWA) ng pampublikong pagdinig upang isaalang-alang ang pagpapatibay ng mga bagong rate at singil para sa paghahatid at serbisyo ng tubig sa lugar ng serbisyo nito (mga rate ng tubig).

Petsa ng Pampublikong Pagdinig

Lunes, Enero 13, 2025, 6:00 PM
City of Suisun City – City Hall
701 Civic Center Boulevard - Suisun City

Para español, consulte: www.suisun.com
Para sa Tagalog, Pakitingnan ang: www.suisun.com
如需中文版本，請參閱: www.suisun.com

Alinsunod sa Artikulo XIII D, Seksyon 6, ng Konstitusyon ng California (kilala rin bilang Proposisyon 218), may karapatan kang magsumite ng nakasulat na protesta laban sa iminungkahing mga rate ng tubig bago o habang isinasagawa ang pampublikong pagdinig. Ang mga iminungkahing rate ay hindi ipapatupad kung makatatanggap ang SSWA ng nakasulat na protesta mula sa karamihan ng mga apektadong may-ari ng ari-arian at customer.

Dapat ipadala sa pamamagitan ng koreo ang mga nakasulat na protesta sa SSWA Board Secretary sa 701 Civic Center Blvd., Suisun City, CA 94585, o personal na ihatid sa mga kinatawan ng SSWA bago ang pagsasara ng pampublikong testimonya sa Enero 13, 2025, na pagdinig para mabilang..

Ang mga protesta ay hindi maaaring ihatid sa pamamagitan ng elektroniko o pasalitang paraan, at dapat pisikal na matanggap ang mga ito ng SSWA bago ang pagsasara ng pampublikong testimonya sa pagdinig. Hindi sapat ang mga postmark.

Anumang nakasulat na protesta ay dapat:

1) Ipahayad na ang tinukoy na may-ari ng ari-arian ay tumutulol sa iminungkahing pagtaas ng rate;
2) Ibigay ang lokasyon ng tinukoy na parcel (ayon sa numero ng parcel ng assessor, address ng kalye, o account ng customer); at
3) Isama ang pangalan at pirma ng taong nagsusumite ng protesta.

Isang balota ng protesta ang nakalakip sa dulo ng Abisong ito at isang protesta lamang na isinumite kada ari-arian ang bibilangin.

Ipadala ang Balota ng Protesta sa :
SSWA Board Secretary
701 Civic Center Boulevard
Suisun City, CA 94585

Bagama't malugod na tinatanggap ang mga pasalitang komento ng publiko sa Pampublikong Pagdinig, ang mga pasalitang komentong ito ay hindi ituturing na pormal na protesta maliban kung may kasamang nakasulat na protesta.

Kung ipagtitibay ng SSWA ang mga bagong rate, may 120-araw na batas ng mga limitasyon para hamunin ang bago, pinataas, o pinalawig na rate, bayarin, o singil sa ilalim ng seksyon 53759 ng Government Code. Ipinapatupad ang limitasyong ito sa mga rate ng tubig na iminungkahi sa Paunawang ito at sa mga susunod na pagbabago sa rate tubig.

Paghahambing ng Umiiral at Iminungkahing mga Rate ng Tubig, Mga Karaniwang Rate (Mga Karaniwang Rate ng Tubig):

Suisun/Solano Water Authority Mga Kasalukuyan at Iminungkahing Rate ng Tubig Ipinapatupad ang mga Rate na ito sa Lahat ng Ratepayer ng SSWA							
		Mga Iminungkahing Rate			**% ng Pagtaas Taon-Taon**		
TIYAK NA SINGIL na Pang-dalawang Buwan (kada 2 buwan) ayon sa sukat ng metro	**Kasalukuyang Rate**	**Taong Piskal 2024/25**	**Taong Piskal 2025/26**	**Taong Piskal 2026/27**	**Taong Piskal 2024/25**	**Taong Piskal 2025/26**	**Taong Piskal 2026/27**
5/8 x 3/4 na pulgada at 3/4 na pulgada	$63.47	$68.87	$74.73	$81.09	8.5%	8.5%	8.5%
1 pulgada	$100.80	$109.27	$118.57	$128.66	8.4%	8.5%	8.5%
1 1/2 pulgada	$125.69	$136.20	$147.79	$160.37	8.4%	8.5%	8.5%
2 pulgada	$250.13	$270.88	$293.93	$318.95	8.3%	8.5%	8.5%
3 pulgada	$399.46	$432.49	$469.29	$509.23	8.3%	8.5%	8.5%
4 na pulgada	$623.45	$674.91	$732.34	$794.67	8.3%	8.5%	8.5%
6 na pulgada	$1,245.64	$1,348.29	$1,463.03	$1,587.53	8.2%	8.5%	8.5%
Singil Batay sa Dami: ***Lahat ng Paggamit ng Tubig $/ccf (1 ccf ay = 748 galon):***							
Rate Batay sa Dami kada ccf	$3.10	$3.05	$3.31	$3.59	-1.6%	8.5%	8.5%

Ang mga bill sa tubig na pang-dalawang buwan (na sumasaklaw sa dalawang buwan) ay naglalaman ng dalawang (2) pangunahing elemento: (1) isang tiyak na singil upang bayaran ang mga gastos sa pagproseso at pag-imbak ng tubig at magkaroon ng tubig na magagamit para sa paghahatid; at (2) isang singil batay sa dami upang mabayaran ang mga gastos sa paghahatid ng tubig kapag kinakailangan batay sa dami ng tubig na ginamit.

Ang mga partikular na pagtaas ng bill sa tubig para sa mga indibidwal na customer ay mag-iiba batay sa dami ng tubig na nakunsumo. Isasaad sa kasalukuyan mong bill sa tubig ang iyong tiyak na singil (batay sa sukat ng metro ng tubig) at ang halaga ng tubig na nakunsumo. Maaari ka ring pumunta sa website ng Lungsod (https://www.suisun.com/Departments/Finance-Department/Pay-my-water-bill) at i-review ang makasaysayan mong paggamit ng tubig online.

Mga Iminungkahing Alternatibong Rate para sa Pagbabawas ng Pangangailangan:

Suisun/Solano Water Authority Iminungkahing mga Rate para sa Pagbabawas ng Pangangailangan Batay sa Dami Para sa Lahat ng Rate Payer ng SSWA			
	FY 2024/25	**FY 2025/26**	**FY 2026/27**
Layunin sa Konserbasyon			
0%	$3.05	$3.31	$3.59
Hanggang 10%	$3.37	$3.66	$3.98
Hanggang 20%	$3.77	$4.10	$4.45
Hanggang 30%	$4.29	$4.66	$5.06
Hanggang 40%	$4.97	$5.40	$5.87
Hanggang 50%	$5.93	$6.45	$7.01
Mas malaki sa 50%	$7.37	$8.02	$8.72

Bilang karagdagan sa iminungkahing Karaniwang Mga Rate ng Tubig na inilarawan sa Abisong ito, nagmumungkahi ang SSWA ng Mga Rate para sa Pagbabawas ng Pangangailangan. Obligado ang SSWA na makamit ang taunang kita na kinakailangan upang mapatakbo ang mga sistema ng pagproseso at paghatid ng tubig, kahit na bumaba ang antas ng pagkonsumo ng tubig dahil sa konserbasyon o iba pang hindi inaasahang pangyayari (hal., hindi pangkaraniwang panahon, mga likas na sakuna, atbp.). Binuo ng SSWA ang Mga Rate para sa Pagbabawas ng Pangangailangan upang kung dapat bumaba ang kabuuang pagkonsumo dahil sa pagtaas ng konserbasyon na iniaatas ng Estado, o ng ibang ahensya ng regulasyon, o kung ideklara ng Lupon ng mga Direktor ng SSWA (ang Lupon) na ang SSWA ay nasa mas matinding antas ng tagtuyot, maaaring ipatupad ng Lupon ang Mga Rate para sa Pagbabawas ng Pangangailangan para makatulong na matiyak na ang sapat na pondo ay available upang mapatakbo ang mga pasilidad ng SSWA at mabigyan ng tubig ang mga customer nito.

Dahilan at Batayan para sa Iminungkahing Mga Rate

Araw-araw, pinoproseso ng SSWA (ginagawang maiinom na tubig ang hindi naprosesong surface water sa Cement Hill Water Treatment Plant nito) at inihahatid ang maiinom na tubig na mataas ang kalidad na sa humigit-kumulang 8,084 na tahanan na may isang pamilya at 428 na tahanan na may maraming pamilya at mga hindi residensyal na paggamit.

Kinukuha ang tubig mula sa Lake Berryessa ng parehong Lungsod ng Suisun at ng Solano Irrigation District sa isang pakikipagtulungan na bumubuo sa SSWA. Ang mga operasyon ng SSWA ay pinopondohan ng mga rate ng tubig na binabayaran ng mga customer. Pinoproseso at inihahatid ng mga Sistema ng SSWA ang maiinom na tubig 24 na oras sa isang araw. Ang mga rate ng SSWA ay sumasalamin sa aktwal na gastos ng pagpapatakbo, pagpapanatili, at pag-upgrade ng sistema sa tubig. Ang mga rate ng tubig ay hindi maaaring gastusin para sa anumang iba pang layunin.

Ang Iyong Mga Rate ay Bayad Para Sa:

- 24 / 7 na Mga Operasyon
- Regular na Maintenance at Mga Emergency na Pagkumpuni
- Mga Pagpapabuti sa Imprastraktura
- Paghahatid at Pagproseso
- Pagsunod sa Regulasyon

Upang maipagpatuloy ang paghahatid ng maiinom na tubig na inaasahan ng mga customer ng SSWA para sa kalidad ng kanilang buhay, dapat taasan ng SSWA ang mga rate ng tubig upang makasabay sa gastos ng pagnenegosyo. Samakatuwid, iminumungkahi ng SSWA ay na taasan ang mga rate ng tubig simula sa pang-dalawang buwang billing na magsisimula sa Pebrero 16, 2025.

Ini-update kamakailan ng SSWA ang multi-year financial plan nito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng komprehensibong pag-aaral sa rate ng tubig batay sa gastos ng serbisyo. Inihanda ng isang independent rate consultant ang Pag-aaral sa Rate ng Tubig, na pinamagatang Water Rate Study for Suisun/Solano Water Authority, Mayo 2024. Ang Pag-aaral sa Rate ng Tubig kasama ang mga nauugnay na ulat ng staff na higit pang naglalarawan sa mga kalkulasyon ng pagtaas at mga dahilan para sa mga pagtaas ay available para ma-review ng publiko sa Suisun City Civic Center, 701 Civic Center Blvd. o sa www.suisun.com.

Pinapahalagahan Namin ang Iyong Input

Kung mayroon kang anumang mga katanungan o nais ng karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:

- Elizabeth Luna, Finance Manager (707) 421-3215, eluna@suisun.com
- Cammie Morin, Finance Director (707) 455-4008, cmorin@sidwater.org

BALOTA NG PROTESTA

Ang mga Nakasulat na Protesta ay dapat ipadala sa pamamagitan ng koreo na nasa isang sobre o ihatid sa:

SSWA Board Secretary, 701 Civic Center Boulevard, Suisun City, CA 94585

Ako, _____ ay tumututol sa iminungkahing mga pagtataas sa rate.
(Mangyaring i-print ang iyong pangalan)

Numero ng Parcel ***o*** Address ng Assessor_____.

Lagda:_____
(Kailangan ang Orihinal na Lagda)

Ang mga nakasulat na protest na maayos na nakumpleto ay tatanggapin hanggang sa pagsasara ng pampublikong testimonya sa pagdinig sa Enero 13, 2025. Tanging isang protesta lamang kada ari-arian ang bibilangin. Ang Balota ng Protesta ay maaaring baguhin o bawiin ng taong nagsumite ng Balota ng Protesta bago ang pagtatapos ng pampublikong testimonya sa pampublikong pagdinig sa Enero 13, 2025.